

## Ang Iyong mga Karapatan

Kapag pinaghahambing ang mga plano ng NBN, lahat ng mga telco ay kailangang magbigay sa iyo ng Key Facts Sheet na nagpapaliwanag:

- Kung kailan ang abalang oras at ang karaniwang bilis ng pag-download na makukuha sa oras na ito.
- Mga halimbawa ng mga online na aktibidad na maaaring suportahan ng NBN plan at ang bilang ng mga tao na makakagamit ng koneksyon nang sabay-sabay.
- Na ang serbisyo ng NBN ay hindi gagana kung walang kuryente.
- Kung ang iyong serbisyong medikal o security alarm ay gagana sa NBN.
- Kung magagamit mo ang numero ng iyong telepono sa NBN.



## Ang iyong tinig sa mga serbisyo sa telepono at internet.

### Kontakin Kami

**Website:** [accan.org.au](http://accan.org.au)

**Twitter:** @ACCAN\_AU

**Facebook:** [facebook.com/accanau](https://facebook.com/accanau)

**E-mail:** [info@accan.org.au](mailto:info@accan.org.au)

**Telepono:** 02 9288 4000

Para sa karagdagang impormasyon at mga mungkahi, pumunta sa: [accan.org.au/tips](http://accan.org.au/tips)



## Ang Iyong Internet at Telepono sa Bahay

# Pagpili ng Internet Plan



Ang National Broadband Network (NBN) ang wholesale na internet provider sa Australya. Nangangahulugan ito na kapag ikaw ay nag-sign up para sa planong NBN, kailangan mong mag-order ng serbisyo sa pamamagitan ng telco (halimbawa, Telstra, Optus, Vodafone atbp.).

## Handa Ka na Bang Mag-sign Up para sa NBN Internet Service?

Kung mayroon kang internet sa bahay ngunit wala pa sa NBN, ang iyong kasalukuyang telco ay magpapadala sa iyo ng sulat na nagsasabi kung kailan darating ang NBN sa inyong lugar.

Maaari mo ring tingnan ang website ng NBN Co upang malaman kung kailan ito makukuha.

## Paano Ka Pipili ng Internet Provider?

Kailangan mo munang magpasya kung anong speed plan ang pipiliin mo. Ito ay depende sa dami ng mga taong gagamit ng internet sa inyong lugar at saan mo ito gagamitin. Kung mas maraming tao ang sabay-sabay na gumagamit ng internet, mas mabagal ang takbo nito.

Ang mga telco ay karaniwang nagpapatalastas ng internet plan na may dalawang speed:

- Ang pinakamataas na speed na maaaring matamo ng internet plan ng NBN.
- Ang karaniwang speed ng bawat internet plan ng NBN sa abalang oras sa gabi (7-11 ng gabi).

## Pagpili ng Iyong Speed

	Pag-download Mga Speed	Mga Speed sa Pag-upload	Kaakmaan
<b>Basic (NBN 12)</b>	Hanggang 12Mbps  Mga 7Mbps sa mga abalang oras.	Hanggang 1Mbps	Batayang internet connection.  Sapat para mag-stream ng video ngunit hindi akma para sa mga mada-las gumamit ng internet (gaya ng mga gamer).
<b>Standard (NBN 25)</b>	Hanggang 25Mbps  Mga 15-20Mbps sa abalang mga oras.	Hanggang 5Mbps	1-2 taong sambahayan.  Akma sa karamihan ng gamit. Mapapansin ang pagbagal kung sabay na gumagamit ang mahigit sa 2 tao.
<b>Standard Plus (NBN 50)</b>	Hanggang 50Mbps  Mga 30-40Mbps sa abalang mga oras.	Hanggang 20Mbps	Mga sambahayang may nakatirang 3-4 na tao.  Lahat ng tao sa sambahayan ay sabay-sabay na makakagamit nang hindi bumabagal ang serbisyo.
<b>Premium (NBN 100)</b>	Hanggang 100Mbps  Mga 60-90Mbps sa mga oras na abala.	Hanggang 40Mbps	Ang mga sambahayan o sinuman na regular na mag-download o mag-upload ng malalaking file gaya ng mga pelikula o mga game.

## Pagpili ng Iyong Provider

Ang Paghahambing ng maramihang plano sa iba't ibang mga telco ay nakakapagod. Ang mga comparator na website gaya ng **WhistleOut** at **Finder** ay magagamit na mga tool upang mabilis na paghambingin ang mga internet plan mula sa hanay ng mga telco.

Dapat mo ring hanapin ang **Critical Information Summary (CIS)** para sa bawat plano at gamitin ito sa paghahambing ng mga plano. Ang mga ito ay matatagpuan sa lahat ng website ng telco at maaaring hilingin sa loob ng tindahan.

Ang **CIS** ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa plano gaya ng presyo, mga singil sa maagang pag-iwan sa kontrata, haba ng kontrata, mga limitasyon sa pag-download, atbp.

Maaari mo ring malaman kung aling mga telco ang naghahatid ng pinakamabilis na mga speed sa pamamagitan ng pagtingin sa website ng ACCC na Measuring Broadband Australia - [measuringbroadbandaustralia.com.au](http://measuringbroadbandaustralia.com.au)

